Palabas na **balita**

# Ang abot-kayang pabahay ay dumarami sa Calgary

Setyembre 29, 2022

## Ang Downtown Calgary ay tahanan na ngayon ng isang hanay ng mga opsyon sa abot-kayang pabahay, mga suporta at mga serbisyo – lahat sa ilalim ng isang bubong.

Natapos ng HomeSpace Society, isang hindi-pangkalakal na tagapagbigay ng pabahay, na gawing pabahay ang 10-palapag na gusali ng opisina ng Sierra Place para sa mga nangangailangan ng mga Calgarian. Pinalitan ng pangalan na Neoma, upang kumatawan sa kabaitan at mga bagong simula, ang gusali ay mayroong 82 na yunit ng abot-kayang pabahay at 10 na yunit ng mga espayong kanlunan at transisyonal na pabahay. Kasama rin dito ang opisina at espasyo sa pagpoprograma para sa Inn mula sa Lamig [Inn from the Cold] at mga katangian para sa mga nangungupahan.

Nag-ambag ang mga pamahalaan ng Alberta at Canada ng $1 milyon bawat isa para sa makabagong proyektong ito. Sinuportahan ng proyekto ang humigit-kumulang 220 mga trabaho.

“Ang bawat Canadian ay nararapat sa isang ligtas at abot-kayang lugar na matatawag na tahanan. Salamat sa Inisyatibong Mabilis na Pabahay [Rapid Housing Initiative], ginagawa ito ng ating pamahalaan sa pamamagitan ng mabilis na pagbibigay ng mga abot-kayang tahanan para sa mga pinaka-mahina na indibidwal sa buong Canada, kabilang dito mismo sa Calgary. Isa ito sa maraming mga paraan upang matiyak ng Estratehiya ng Pambansang Pabahay [National Housing Strategy] ng ating pamahalaan na walang maiiwan."

*Ahmed Hussen, pederal na Ministro ng Pabahay, Pagkakaiba-iba at Pagsasama*

## Mabilis na mga Katotohanan

- Ang kabuuang halaga ng proyekto ay $30 milyon.  Kasama dito ang:
    - $2 milyon mula sa Pamahalaan ng Alberta at Pamahalaan ng Canada
    - $16.6 milyon mula sa Korporasyon ng Sangla at Pabahay ng Canada [Canada Mortgage and Housing Corporation] sa pamamagitan ng Yugto 2 ng Inisyatibo sa Mabilis na Pabahay [Rapid Housing Initiative (RHI)]
    - $5.7 milyon sa Kampanya sa Pagtutulong sa Kapital [Collaborative Capital Campaign] na pangangalap ng pondo
    - $5.5 milyon mula sa Lungsod ng Calgary
    - $200,000 mula sa Korporasyon ng Sangla at Pabahay ng Canada [Canada Mortgage and Housing Corporation] sa Pagpopondo ng Kapital
- Ang Plano sa Kapital 2022 ng mga Sinyor at Pabahay ng Alberta [Alberta Seniors and Housing's Capital Plan 2022] ay naglalaan ng $281 milyon sa loob ng tatlong taon upang magkaloob ng 2,300 na bago at muling nabuong abot-kayang mga yunit ng pabahay habang sinusuportahan ang higit sa 2,000 mga trabaho.
- Ang Estratehiya ng Pambansang Pabahay [National Housing Strategy (NHS)] ng Canada ay isang 10-taon, $72-plus bilyon na plano na magbibigay sa mas maraming mga Canadian ng lugar na matatawagang tahanan.
- Ang NHS ay binuo sa matibay na pakikipagtulungan sa pagitan ng pederal, panlalawigan at teritoryal na mga pamahalaan at patuloy na pakikipag-ugnayan sa iba, kabilang ang mga munisipalidad, mga Katutubong pamahalaan at mga organisasyon, at mga sektor ng panlipunan at pribadong pabahay. Kabilang dito ang mga konsultasyon sa mga Canadian mula sa lahat ng antas ng pamumuhay at mga taong may karanasan sa pangangailangan sa pabahay.

## Mga nauugnay na link

Bilang awtoridad ng Canada sa pabahay, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay nag-aambag sa katatagan ng merkado ng pabahay at sistema ng pananalapi, nagbibigay ng suporta para sa mga Canadian na

nangangailangan ng pabahay, at nag-aalok ng walang pinapanigang pananaliksik at payo sa pabahay sa lahat ng antas ng pamahalaan ng Canada, mga mamimili, at industriya ng pabahay. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang cmhc.ca o sundan kami sa Twitter, Instagram, YouTube, LinkedIn, at Facebook. Upang malaman ang higit pa tungkol sa NHS, bisitahin ang placetocallhome.ca.

Ang Ministri ng Mga Sinyor at Pabahay ng Alberta ay nagtataguyod ng pagbuo ng abot-kayang pabahay at sumusuporta sa pag-akses sa mga opsyon sa pabahay para sa mga Albertan na higit na nangangailangan. Nakikipagtulungan ang ministeryo sa mga sinyor, kanilang mga pamilya at mga tagapag-alaga, mga Albertan na nangangailangan ng suporta sa pabahay, at mga komunidad at iba pang mga kasosyo ng pamahalaan. Ang isang mas detalyadong paglalarawan ng ministeryo at ang mga programa at mga inisyatiba nito ay makikita sa alberta.ca/ministry-seniors-housing.aspx.

## Kaugnay na impormasyon

- Estratehiya ng mas matatag na pundasyon sa abot-kayang pabahay